



Pambahay na Kaligtasan sa Sunog

Alarma sa Usok

- Ay gamit na nakakahanap at nakakaamoy ng sunog at tumutunog bilang hudyat sa sunog upang makaligtas.
- Ang bawat bahay ay kinakailangang mayroong isang alarma ng usok sa bawat palapag.
- Huwag na huwag tatanggalin ang baterya ng alarma ng usok maliban na lamang kung ito ay papalitan.
- May mga alarma ng usok na kinakailangang palitan. Kung ito ay may munting tunog o ingay, maaari lamang palitan ang baterya.
- Subukan ang iyong alarma ng usok kada buwan upang siguraduhing gumagana ang tunog ng alarma.

Pagluluto

- Huwag hayaan o bantayan ang niluluto.
- Panatilihin malinis ang lutuan at gamitin ito sa pagluluto lamang.
- Kung mayroong sunog na sanhi ng grasa, patayin ang kalan at lagyan ng takip ang lutuan. Huwag gumamit ng tubig sa pagpatay ng apoy!

Painit

- Ilayo ang ano mang kagamitan sa lahat ng painit.
- Patayin ang mga portable na painit kung ikaw ay aalis o pag matutulog na.
- Huwag gumamit ng extension cords sa mga portable na painit.

Pagkalason sa Carbon Monoxide

- Mayroong mga kagamitan sa bahay o makinarya na naglalabas ng nakalalasang gas na di nakikita o naaamoy.
- Huwag na huwag gagamitin ang mga sumusunod sa loob ng bahay, garahe, at iba pang saradong espasyo, o sa labas ng bukas na bintana: generator, ihawang gumagamit ng uling, camp stove, gas para sa sasakyan.
- Huwag gumamit ng gas oven upang painitin ang iyong bahay, kahit na sa sandaling panahon.

Kung mayroong sunog—

- Ilabas lahat ng tao.
- Magtungo sa tagpuan ng iyong pamilya.
- Tumawag sa 9-1-1 para sa tulong.
- Huwag muling babalik sa loob ng bahay o gusali.

Kapag tatawag sa 911—

- Tumawag sa 9-1-1 para sa emerhensiya. Gamitin ito para sa sunog, tulong medikal at pulisya. Libre ang tawag sa 9-1-1.
- Kung di marunong mag-Inggles, subukang sabihin sa tagasagot ng telepono kung anong salita ang iyong alam upang makausap ang tagapagsalin ng salita.
- Maging handa upang sabihin kung anong klaseng emerhensiya ang dinaranas at sabihin ang adres.